5

# Modelong Banghay-Aralin sa EPP 5

Kwarter 2

Aralin

1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

PILOT IMPLEMENTATION OF THE MATATAG K TO 10 CURRICULUM

**Banghay Aralin sa EPP 5**
**Kwarter 2: Linggo 1**
**SY 2023-2024**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2023-2024. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Bumuo sa Pagsusulat**

Canelo T. San Miguel (Marulas Central School, SDO-Valenzuela)

**Management Team**

Juan Dela Cruz, Juan Dela Cruz, and Juan Dela Cruz

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**MODELONG BANGHAY-ARALIN**

**ASIGNATURA, KUWARTER, BAITANG O ANTAS**







| ***I.* NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| ***A.* Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Ang mga mag-aaral ay naipapamalas ang pang-unawa sa maingat na pangangalaga, pagpaparami, pag-aani, pag-iimbak at pagbebenta ng poultry animals sa masistemang pamamaraan bilang isang kapaki-pakinabang at mapagkakakitaang gawain. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Ang mga mag-aaral ay naisasagawa ang maingat na pangangalaga, pagpaparami, pag-aani, pag-iimbak at pagbebenta ng poultry animals sa masistemang pamamaraan bilang isang kapaki-pakinabang at mapagkakakitaang gawain. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ***Mga Kasanayan***<br>***1.*** Natatalakay ang kahulugan ng animal production at mga sangay nito; at<br>***2.*** Natatalakay ang kahalagahan at kabutihang dulot sa pag-aalaga ng poultry animals sa natural na pamamaraan. |
| **D. Nilalaman** | a. Kahulugan ng *animal production* at mga sangay nito.<br>b. Kahalagahan at kabuting dulot sa pag-aalaga ng *poultry animals* sa natural na pamamaraan. |
| **E. Integrasyon** | SDG 8<br>Decent Work and Economic Growth |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| https://mimaropa.da.gov.ph/media-resources/publication/livestock<br>https://www.bai.gov.ph/ahwd-downloads?BA=Animal%20Health%20and%20Welfare%20Forms |

Peralta, G.A., Arsenue, R., Ipola C.R., Quiambao, Y.L., De Guzman, J. D., (2016). Kaalaman at Kasanayan Tungo sa Kaunlaran 5. Vibal Group, Inc. pp. 83-85.

Lucena, C. P. () Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan 6. The Library Publishing House, Inc. pp. 184-185.

<table>
<tr><th colspan="2">III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO</th><th>MGA TALA SA GURO</th></tr>
<tr><td>A. Pagkuha ng Dating Kaalaman</td><td>Unang Araw<br><br>1. Maikling Balik-aral<br><br>Bilang paghahanda, panimula, at pagbibigay diin sa nilalaman ng buong yunit o markahan, ang pag-aalaga ng hayop ay makatutulong sa kabuhayan ng isang mag-anak. Hindi lamang ito isang hanapbuhay kundi maaari rin itong gawing libangan na magbibigay kasiyahan sa bawat tao.<br><br>May alaga ba kayong hayop sa bahay?<br>Bakit nais ninyong mag-alaga ng hayop tulad ng aso?<br>Ano-ano ba ang kapakinabangan maaaring makuha ng tao sa pag-aalaga ng mga hayop?<br><br>“Ang mga kaalaman, kaisipan, kasanayan, at saloobin na matutuhan sa yunit ay papatnubay sa iyo upang maunawaan ang kahulugan ng pag-paparami ng alagang hayop o animal production na maaaring makatulong sa pamumuhay at pag-unlad ng kabuhayan.<br><br>Gayundin ang kahalagahan at kabuting dulot sa pag-aalaga ng poultry animals at livestock sa natural na pamamaraan.</td><td>Unang Araw:<br><br>Simulan ang talakayan sa mga nakatalang tanong. Kuhanin ang mga sagot ng mga bata upang magkaroon ng makabuluhang talakayan.<br><br>Banggitin ang mga inaasahang konsepto na dapat matutuhan ng mga bata sa paksang tatalakain.</td></tr>
</table>

<table>
<tr><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin<br>Panuto: Pansinin ang mga larawan ng mga hayop. Pangkatin sa dalawa ang mga nasabing hayop bilang poultry animal o livestock animal. Isulat ang iyong mga sagot sa talahanayan.<br><br>
<br>Pugo<br>https://etc.usf.edu/clipart/21800/21844/quail_21844_md.gif<br><br>
<br>Manok<br>https://img.freepik.com/free-vector/chicken-doodle-simple-style-white-background_1308-90394.jpg<br><br>
<br>Pato<br>https://t4.ftcdn.net/jpg/05/54/98/71/360_F_554987189_oeeuKmGkgilmf3iHrPkZcipfKdCf8ZU7.jpg<br><br>
<br>Baboy<br>https://cdn4.vectorstock.com/i/1000x1000/19/78/cute-pig-cartoon-animal-farm-image-vector-14941978.jpg<br><br>
<br>Baka<br>https://www.animalplace.net/wp-content/uploads/2013/06/Cow-Coloring-Pages-for-Kids-Pictures.jpg<br><br>
<br>Kambing<br>https://img.freepik.com/premium-vector/goat-with-horns-stands-field_666729-1247.jpg<br><br>
<table><tr><td>Poultry animals</td><td>Livestock animals</td></tr></table>
</td>
<td>1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin<br>Unang araw:<br>Maaaring magdagdag ng larawan ng iba pang hayop na maaaring alagaan na poultry at livestock animals.</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | | |

| | |
|---|---|
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |
| 4. | 4. |

**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**
Upang magkaroon ng masusing pang-unawa sa pag-aaral ng paksa, ang mga sumusunod na mga salita ay ating bigyang pansin.

Panuto: Pagtapatin ang mga salita sa hanay A sa kanilang mga kahulugan sa Hanay B sa pamamagitan ng pagkonekta ng mga letra.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Poultry animals | a. pinagmumulan ng isang produkto o bagay na maaaring paki<br>nabangan |
| 2. Livestock animals | b. Mga hayop na may pakpak, dalawa ang paa at nangingitlog. |
| 3. Pinagkukunan | c. importansiyang nakukuha sa isang bagay o gawain |
| 4. kahalagahan | d. Mga uri ng hayop na may apat nap aa at nangangak ng buhay |



**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**
Unang-araw:
Maaring baguhin ang pamamaraan ng paghawan sa sagabal sa paraang mas mainam.

**3. Paglinang at Pagpapalalim**

***1.* Kaugnay na Paksa 1: Natatalakay ang kahulugan ng animal production at mga sangay nito**

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**
Ipakita ang mga larawan ng mga hayop na ginamit sa unang bahagi ng talakayan.

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**
Ikalawang-araw:
Muling balikan ang mga hayop na pinangkat bilang poultry at livestock animals.
Atasan ang mga bata na ilarawan ang pisikal na anyo ng

**Poultry animals**

**Livestock animals**

Gabay na tanong:

1. Ilarawan ang pisikal na anyo ng mga poultry animals.
2. Ilarawan ang pisikal na anyo ng mga livestock animals.
3. Ano ang kahulugan ng animal production?

**Reading Resources:**

Marami sa atin ang kinagigiliwan ang pag-aalaga ng hayop bilang *pet* o pansariling alaga tulad ng pag-aalaga ng aso, pusa, kuneho, kalapati at marami pang iba.

Ngunit maliban dito, ang pagpaparami ng alagang hayop o *animal production* ay may maraming kapakinabangan ang maibibigay para sa sarili, pamilya at pamayanan. Tulad ng paghahalaman, isang gawaing kapaki-pakinabang din ang pag-aalaga ng hayop. Isa itong gawain na dapat pag-aralan sapagkat may malaking tulong ito sa kabuhayan.

Ang *animal production* ay nahahati sa dalawang sangay, ito ang *poultry animals* at *livestock animals*. Ang pagpaparami ng pugo, manok, pato/itik/bibe, pabo at gansa ay ilan lamang sa mga halimbawa ng *poultry animals*.

Ang *poultry animals* ay ang mga hayop na may pakpak, dalawang paa at nangingitlog. Ang mga ito ay maaaring magbigay ng itlog at karne na maaaring ipagbili. Samantalang ang *livestock animals* ay ang pagpaparami ng baboy *(swine*), *small ruminant* tulad ng kambing at *large ruminant* tulad ng baka. Sa pag-aalaga ng livestock animals, maaaring ipagbili ito ng buhay, at maaari ring ipagbili ng por kilo.

mga poultry animals at livestock animals.
Alamin kung ano ang pakahulugan ng mga bata sa salitang animal production.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

Ikalawang-araw:
Maaaring gumamit ng show-me-board sa pagsasagot ang mga bata upang makita ang partisipasyon ng mga ito.


**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

Panuto: Isulat ang salitang TAMA kung wasto ang sinasaad ng bawat aytem at MALI naman kung hindi.

1. Ang manok at pato ay mga halimbawa ng *poultry animals*.
2. Ang *animal production* ay may dalawang sangay, ito ang *poultry animals* at *livestock animals.*
3. Ang *livestock animals* ay mga hayop na may pakpak, dalawang paa at nangingitlog.
4. Ang kambing ay halimbawa ng *small reminant animals*.
5. Ang *livestock animals* ay nagbibigay ng karne.

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

Panuto: Kumpletuhin ang *concept map.*




**Kaugnay na Paksa 2: Natatalakay ang kahalagahan at kabutihang dulot sa pag-aalaga ng poultry animals sa natural na pamamaraan**

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

Ibibigay ng guro ang mga katanungan upang maging gabay sa talakayan.

**3. Paglalapat At Pag-uugnay**

Ikalawang araw:

Hayaan ang mga bata ang magsulat ng sangay ng pagpaparami ng alagang hayop upang masukat ang kanilang natutuhan.

Maaaring gamitin ang gawain bilang gawaing pagsulat ng mga bata.

**1. Pagproseso ng Pag-unawa**

Ikatlong araw:

Alamin ang lawak ng kaalaman ng mga bata sa salitang «kahalagahan».

Ibigay ang tanong sa mga bata upang masukat ang kanilang kaalaman ukol sa paksa.

Gumamit ng mga larawang nagpapakita ng kabutihang dulot ng pag-aalaga ng hayop.

| | | |
|---|---|---|
| | **Gabay na Tanong:**<br>a. Sa inyong sariling pang-unawa, nakapagbibigay ba ng kabutihan ang pag-aalaga ng mga hayop tulad ng mga poultry animals?<br>Sa araw na ito, ating tatalakayin kung ano-ano ang kahalagahan at kabutihang dulot ng pag-aalaga ng mga poultry animals.<br><br>a. Ano-ano ang kahalagahan at kabutihang dulot ng pag-aalaga ng mga *poultry animals?*<br><br>**Reading Resources:**<br>**Kahalagahan at kabutihang dulot ng pag-aalaga ng poultry animals at livestock animals sa natural na pamamaraan.**<br><br>Ang pag-alalaga ng hayop tulad ng *poultry at livestock animals* ay kapaki-pakinabang na gawain. Narito ang mga kahalagahang dulot ng pag-aalaga ng mga hayop.<br>1. Nakapagbibigay ng karagdang kita. Malaki ang maitutulong nito sa badyet ng isang mag-anak sapagkat maraming produkto ang nagmumula sa pag-aalaga ng hayop na maaaring ipagbili at pagkakitaan.<br>2. Nagbibigay hanapbuhay sa mamamayan at pamayanan.<br>3. Napagkukunan ng pagkain at iba pang produkto tulad ng karne at itlog. Maging ang balat o balahibo ng hayop ay maaaring gawing iba;t ibang kagamitan para sa tahanan.<br><br>**Kabutihang dulot ng pag-aalaga ng poultry animals sa mga tao.**<br>1. Nakapaghuhubog ng kagandahang asal gaya ng kasipagan, masigasig, at pagkamalikhain.<br><br>2. Nagsisilbi bilang libangan. Ito ay isang kawili-wiling gawain para sa lahat. | **2. Pinatnubayang Pagsasanay**<br>Ikatlong araw:<br>Maaaring magdagdag ng aytem kung kinakailangan. |

3. Ang pag-aalaga ng *poultry animals at livestock animals* ay may mabuting dulot sa ating kapaligiran/kalikasan, ito ay sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mapagkukunan ng natural na pataba na mabuti naman sa ating mga halaman.

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

Panuto: Iguhit ang puso ❤ kung ang pangungusap ay nagsasaad ng kahalagahan ng pag-aalaga ng hayop at bilog ◯ naman kung nagsasaad ng kabutihang dulot.

_____1. Nagbibigay ng itlog at karne ang mga *poultry animals.*

_____2. Ang pag-aalaga ng poultry animals ay nakakalibang na gawain.

_____3. Maituturing na isang marangal na hanapbuhay ang pag-aalaga ng mga hayop.

_____4. Nagbibigay ng dagdag na kita para sa mag-anak ang pag-aalaga ng mga *poultry animals*.

_____5. Nalilinang ang kasipagan at pagkamalikhain sa taong nag-aalaga ng mga *poultry animals.*

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

Panuto: Igugrupo ng guro ang klase na may apat (4) hanggang limang (5) miyembro bawat grupo. Magtala o magsulat ng limang kabutihang dulot ng *animal production.*

1. ____________________________________________
2. ____________________________________________
3. ____________________________________________
4. ____________________________________________
5. ____________________________________________

**3. Paglalapat at Pag-uugnay**

Ikatlong araw:

Maaaring magdagdag ng bilang ng pangkat kung kinakailangan Maaaring gamitan ng rubrics kung paano bibigyan ng puntos ang mga natapos na gawain ng bawat pangkat.

| | | |
|---|---|---|
| **4. Paglalahat** | **1. Pabaong Pagkatuto**<br>Tanong-Tugon:<br><br>1. Ano ang kahulugan ng animal production?<br><br>2. Ano-ano ang sangay ng animal production?<br><br>3. Anu-ano ng mga kabutihang dulot ng pag-aalga ng hayop para sa sarili, pamilya, pamayanan at kalikasan?<br><br>4. Paano makakatulong ang pagkakaroon ng kalaman sa animal production upang magkaroon ng disenteng hanapbuhay ang bawat Pilipino at nang mapaunlad ang kalagayang pang-ekonomiya ng bansa?<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**Reflection Log**: Kumpletuhin ang mga sumusunod: Isusulat ng bata ang kanyang pagninilay sa EPP notebook.<br><br>Ang aking natutunan ngayon ay ________________________________________.<br><br>Pagkatapos ng aralin, napagtanto ko na ________________________________.<br><br>Bilang mag-aaral, gagamitin ang aking napag-aralan sa pamamagitan ng ____________________________________________________________________. | Ikaapat na araw:<br>Ibigay ang katanungan upang bigyang-diin ang integrasyon ng SDG 5.<br><br>Maaring magkaroon ng *journal notebook* ang mga bata para sa gawaing ito. |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit** | Ikalimang-araw |

<table>
<tr>
<td></td>
<td colspan="3">A. Basahin ang mga sumusunod na pangungusap. Isulat sa patlang kung ito ay Tama o Mali.<br><br>_____ 1. Ang animal production ay isang gawain na maaaring mapagkakitaan ng pamilya.<br>_____ 2. Ang pag-aalaga ng kambing ay halimbawa ng small ruminant animals.<br>_____ 3. Ang pag-aalaga ng baboy ang nag-iisang alagang hayop para sa livestock.<br>_____ 4. Ang dumi ng mga poultry animals ay maaaring gawing pataba sa ating mga halaman.<br>_____ 5. Hindi nakakalibang ang pag-aalaga ng hayop dahil ito ay nangangailangan ng mahabang oras na pag-aalaga.<br><br>2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin (Opsiyunal)</td>
<td>Maaring gumamit ang guro ng makabagong pamamaraan para maisagawa itong pagsusulit.</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon<br>Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="5"></td>
</tr>
<tr>
<td>Estratehiya</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Kagamitan</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>At iba pa</td>
<td></td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo.<br><br>Maaaring bigyan ng gabay ang guro sa kung anong bahagi o aspeto ng aralin ang bibigyang pansin para sa mga tala. | | | | |
| **C. Pagninilay**<br>Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***<u>Prinsipyo sa pagtuturo</u>***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***<u>Mag-aaral</u>***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***<u>Pagtanaw sa Inaasahan</u>***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | |

| | | |
|---|---|---|
| inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito.<br><br>Ilang halimbawang tanong ang makikita sa pangalawang hanay. | | |

| | |
|---|---|
| ***Inihanda ni: CANELO T. SAN MIGUEL*** | ***Sinuri ni:*** |
| ***Institusyon:  Marulas Central School-SDO-Valenzuela*** | ***Institusyon:*** |